



Ideyang pinagbatayan ng plano

Mahalaga ang pagkilala at pagtanggap ng mga “pagkakaiba” na tulad ng nasyonalidad, lahi, kultura, at wika sa pang-araw-araw na pamumuhay upang magkaroon ng “Multi-Cutural Symbiosis” at upang magkaintindihan at magkaroon ng pagkakaisa.

Kung maisasakatuparan ang planong ito, magkakaroon ng pagkakaisa ang mga miyembro ng lipunan sa rehiyon at lahat ng tao sa lungsod ng Komaki ay makakapamuhay ng tahimik at masaya.



Alam mo ba?

Ang bilang ng mga rehistradong dayuhan ay tumaas ng sampung beses (8,518 katao) nitong nakaraan taon. 5.6% ng kabuuang populasyon ay mga dayuhan at sa bawat 20 mamayang Hapon, may katumbas itong isang dayuhan.(Ika-1 ng Abril,2010)

Sa lungsod ng Komaki, mayroong mga dayuhan na ipinanganak na dito sa Japan at ang ilan sa kanila ay hindi pa nakakarating man lang sa kanilang sariling bansa. Iba’ t-iba rin ang mga dahilan ng kanilang paninirahan dito sa Japan. Ang ilan sa kanila ay sa Japan na ipinanganak ng kanilang mga dayuhang magulang, ang ilan ay narito dahil sa naturalization, ang iba naman ay nagpalit lamang ng kanilang nasyonalidad, ang iba ay nakapagpalit ng nasyonalidad sa kanila mismong bansa, at ang iba naman ay dahil sa sila ay ikinasal sa isang mamamayang Hapon.

Pagpapaliwanag ng mga salita

Mga salita	Pagpapaliwanag
Multi-cultural symbiosis	Mga taong may iba’ t-ibang nasyonalidad, lahi, at iba pa na tinatanggap ang kanilang mga pagkakaiba at mapayapang naninirahan sa iisang lipunan at itinataguyod ang pantay na karapatan para sa isa-isa
Mamamayan ng Lungsod ng Komaki-city	Kinabibilangan ito ng lahat ng taong may kaugnayan sa lungsod ng Komaki, kabilang na rito ang mga naninirahan mismo sa lungsod at ang mga taong nagtatrabaho dito.
Mga dayuhang mamamayan	Kabilang na rin sa pangkat na ito ang mga taong Hapon ang nasyonalidad na mula sa ibang bansa. Ang ibang tao sa lungsod ng Komaki na hindi dayuhan ay ipinagpapalagay na mga “mamamayang Hapon”.
Pagsasaliksik ng lungsod ng Komaki	Noong Pebrero hanggang Marso 2010, ipinamahagi ang palatanungan para sa multi-cultural symbiosis” sa mga mamamayang Hapon at dayuhan.



Edit at edisyon Marso, 2011

Mga Mamamayan ng Lungsod ng Komaki
Tanggapan ng Industries Life Exchange Section

〒485-8650 1-1 Horinouchi, Komaki-city, Aichi-Prefecture
Telepono : 0568-72-2101 (Kinatawan)

Plano para sa Pagtataguyod ng Multi-Cultural Symbiosis sa Lungsod ng Komaki


～[Ito ay posible, atin nang simulan.]Edit～
Bersyon ng Balangkas(フィリピン語)



Ano ang Plano para sa Pagtataguyod ng Multi-Cultural Symbiosis sa Lungsod ng Komaki?

Upang maitaguyod ang multi-cultural symbiosis sa lungsod ng Komaki, ang mga mamamayan rito ay binigyan ng ideya kung paano ito isasagawa.

Ang planong ito ay binubuo ng ①Konkretong nilalaman ng plano, ②Pagtataguyod ng plano at ang sistema nito, ③Mga detalye at itong organisasyon sa mga desisyon para sa plano, at ④kabanata ng materyal.



Ito ay posible, atin nang simulan.

Upang maisakatuparan ang ating sawikain, mahalaga ang pakikiisa ng bawat isa ay makikipagtulong sa magawa ng tabi ng pangyayari. Bagamat maraming naging problema, limang importanteng bagay ang nauna nang binigyang pansin ng mga mamamayan ng lungsod ng Komaki. Ang limang bagay na ito ay kinikilala bilang mga **“Layunin”**.

Ang mga suliraning ito ay itinuring na limang “Layunin” upang matugunan ng mga mamamayan ng Komaki. Ang mga nasabing **“Pagsubok”** ay ayon sa pananaw ng mga mamamayan, mga kumpanya, at ng administrasyon, lahat na mamamayan ng Lungsod na Komaki .


Panahon ng Plano

Ang “Pagsubok” ay kinakailangan na muling pag-aaralan at isinasapantaha na ito ay matatapos sa loob ng limang taon mula sa piskal na taon ng 2011 hanggang 2015.



Sistema ng Pagtataguyod at Pagsusuri (Ito ay isang kondisyon na malugod na pinapayagan)

Matapos maisaayos ang plano, ang pansamantalang ulat ay susuriin upang mas maintindihan ang kasalukuyang kalagayan.



System Chart ng Plano [Ito ay posible, atin nang simulan.]Edit

Sawikain

Ang mga mamamayan ng lungsod ng Komaki ay magtutulungan upang makapamuhay ng mapayapa at maligaya.

Ang mga “mamamayan ng lungsod ng Komaki

Ang buong-pusong makikiisa sa lipunan ng rehiyon. (pagtataguyod ng pagkakaisa sa lipunan).

Itinataguyod ng ng mga “mamamayan ng lungsod ng Komaki” ang karapatang pantao nang walang halong diskriminasyon. (paggalang sa dignidad at mga mahalagang karapatang pantao)

Layunin (Pinagbatayang layunin)

Layunin ①	Layunin ②	Layunin ③	Layunin ④	Layunin ⑤
Siguruhin na naiintindihan ng lahat ang mga kailangang gawin sa panahon ng sakuna.	Dagdagan ang partisipasyon ng pamahalaan.	Alamin ang tamang pagtatapon ng basura at bawasan ang dami ng mga basura.	Makikiisa sa pagtataguyod ng “multi-cultural symbiosis” sa mga bata.	Matutunan ang mga “pagkakaiba” tulad ng nasyonalidad, lahi, kultura, wika, at iba pa.

Pagsubok

Pagsubok

Pagsubok

Pagsubok

Pagsubok



Mamamayan



Mga kumpanya



Administrasyon

Simulan ito sa lalong madaling panahon.

Mga Dahilan sa Layunin

Layunin ①	Siguruhin na naiintindihan ng lahat ang mga kailangang gawin sa panahon ng sakuna. Ang Dahilan Sapagkat may mga pagkakataon kung saan ang isang dayuhan ay hindi makatawag ng ambulansya at bumbero sapagkat hindi nila alam ang kanilang sasabihin o hindi alam ng isang dayuhan kung saan sila tatawag o hindi nila alam ang tamang salita para sa lindol, sunog, bagyo, at iba pa. Napakahalaga para sa isang mamamayan ng isang rehiyon na malaman ang kanilang mga dapat gawin sa panahon ng sakuna.
Layunin ②	Dagdagan ang Partisipasyon ng Pamahalaan. Ang Dahilan Mahalaga para sa mga dayuhan na lumaki sa isang bansa kung saan iba ang sistema ng pamahalaan na maintindihan ang sistema ng pamahalaan kung saan sila ay kasalukuyang naninirahan. Mahalagang magkaisa at magtulungan sila upang magkaroon ng maayos at masayang pamumuhay.
Layunin ③	Alamin ang tamang pagtatapon ng basura at bawasan ang dami ng mga basura. Ang Dahilan Noong 2005, nagkaroon ang lungsod ng isang “Deklarasyon para sa Kapaligiran” na naglalayong ipaalam o ituro sa lahat ng mamayan, Hapon man o dayuhan, ang tamang pagtatapon ng basura gayundin ang mga paraan kung paano maaring mabawasan ang basura.
Layunin ④	Makikiisa sa pagtataguyod ng “multi-cultural symbiosis” sa mga bata. Ang Dahilan Mahalaga para sa ikaliligaya ng buhay ng isang dayuhang bata ang magkaroon ng pagtitiwala sa kanyang bansang pinanggalingan at magamit ang kanyang pangalan (totoong pangalan) nang may karangalan. Mahalagang maituro sa bata ang paggalang at pagtanggap sa mga pagkakaiba ng bawat isa upang magkaroon ng masaya at maayos na pamumuhay.
Layunin ⑤	Matutunan ang mga “pagkakaiba” tulad ng nasyonalidad, lahi, kultura, wika, at iba pa. Ang Dahilan Iisa ang hiling ng mga mamamayang Hapon at dayuhan, ito ay ang makapamuhay ng mapayapa at maligaya sa iisang rehiyon. Kung naiintindihan ng bawat isa ang mga pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi, kultura, at wika, mas malaki ang tsansa na maisakatuparan ang hiling na ito.

Mula sa Pagsubok, halimbawa • • •

Upang makamit ang Layunin ①-⑤, kinakailangang magtulungan at pare-parehong kumilos ang mga mamamayan, mga kumpanya, at administrasyon. Palawigin ang pagkakaibigan sa mga mamamayan ng lungsod ng Komaki habang isinasakatuparan ang multi-cultural symbiosis.

Pagsubok



Mamamayan

• Ang pamahalaan sa pakikipagtulungan ng International Exchange Society (KIA) ay magdadaos ng isang klase tungkol sa pagluluto na dadaluhan ng mga mamamayang Hapon at dayuhan. Ang nasabing klase ay gaganapin sa isang bulwagan. (mula sa layunin ②)

...Iba pa



Mga kumpanya

• Nilalayan ng mga kumpanya na mas maintindihan ang mga kaugalian at pinagmulan ng kanilang mga manggagawa sa pamamagitan ng paglalaan ng isang bahagi ng kanilang in-house magazine para sa pagtatalakay ng usaping ito. (mula sa layunin ⑤)

• Sa mga gaganaping industrial festival sa lungsod ng Komaki, maglalagay ng mga basurahan kung saan may mga nakasulat na paliwanag kung paano itatapon ang mga basura. Ang mga nasabing paliwanag ay isusulat sa iba’t ibang wika upang maintindihan ito nang lahat. (mula sa layunin ③)

...Iba pa



Administrasyon

• Ang Disaster Prevention Section ng administrasyon ay magbibigay ng mga pagsasanay para sa mga dapat gawin sa panahon ng sakuna. Ang pagsasanay ay para sa mga mamamayang Hapon at dayuhan. (mula sa layunin ①)

• Ang mga bata ay hihikayating magbasa ng mga aklat na may larawan upang mas makilala nila ang kanilang sariling wika at kultura ng kanilang bansang pinagmulan. Ang mga aklat na ito ay manggagaling sa administrasyon (silid-aklatan at mga silid-aralan). (mula sa layunin ④)

...Iba pa

Ito ay pagsubok para sa lahat.
Basahin ang bahaging ito para sa mga detalye.